

Pagbubuo ng Kontekstuwalisadong Kagamitan sa Pagbasa

Mede, Janet ✉

Benguet State University, Philippines (j.mede@bsu.edu.ph)

Received: 31 March 2024

Available Online: 5 May 2024

Revised: 28 April 2024

DOI: 10.5861/ijrse.2024.24802

Accepted: 5 May 2024

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Abstract

Providing contextual lessons is one of the emphasis of the K to12 Curriculum. According to the Implementing Rules and Regulations (IRR) of the Enhanced Basic Education Act of 2013, the curriculum should be contextualized. Teachers need to be aware of the local context in order to relate it to the students' situations for better understanding and longer retention. This study was conducted to identify the level of contextualization of the text used in reading by the grade 11 students in one of the secondary schools at Bauko, Mountain Province for the school year 2017-2018, find out what contextualized reading materials can be developed to improve the students' reading skills, and determine the level of the validation of the developed contextualized materials in reading in Filipino subject. The questionnaires used to determine the level of contextualization and level of validation of the contextualized reading materials were developed by the researcher based on the Contextualized Teaching and Learning Approach and some were taken from the Department of Education's Evaluation Rating Sheet for Print Supplementary Materials (SRMs) of the Department of Education (DepEd). Based on the results, the level of contextualization of the texts in reading used by the students was low according to the perception of the students and teachers. The developed contextualized materials deal with indigenous knowledge, beautiful scenes, views, policies, and trends in events in the locality of the students. Meanwhile, the level of the validation of the developed contextualized reading materials according to the validation of the Filipino teachers is high. The result of the study indicate that the developed contextualized reading materials satisfies the weakness of the materials used in reading by the of Grade 11 students in one of the secondary schools in Bauko, Mountain Province.

Keywords: text analysis, instructional materials, indigenous knowledge, level of comprehension, localization

Pagbubuo ng Kontekstuwalisadong Kagamitan sa Pagbasa

1. Abstrak

Ang kurikulum batay sa *Implementing Rules and Regulation (IRR) ng Enhanced Basic Education Act of 2013* ay dapat na kontekstuwalisado. Kailangan ang kamalayan ng mga guro sa lokal na konteksto ng mga mag-aaral para malinaw na maipaliwanag ang konsepto ng tiyak na aralin para siguraduhin na nagagamit at napapanatili ng mga mag-aaral ang kanilang napag-aralan at naiuugnay sa tunay na buhay. Isinagawa ang pag-aaral na ito sa layuning matukoy ang antas ng kontekstuwalisasyon ng teksto ng mga kagamitang pampagtuturong ginamit sa pagbasa, malaman ang maaaring mabuong kontekstuwalisadong kagamitan sa pagbasa upang mapaunlad ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral, at malaman ang antas ng balidasyon ng kontekstuwalisasyon ng mga nabuong teksto sa pagbasa sa asignaturang Filipino. Ang pag-aaral ay isinagawa sa isa sa mga paaralang sekondarya sa Bauko, Mt. Province sa taong panuruan 2017-2018, at ang mga respondent ay mga mag-aaral sa ikalabing-isang baitang. Ang mga talatanungang ginamit upang matukoy ang antas ng kontekstuwalisasyon ng teksto at antas ng balidasyon ng kontekstuwalisasyon ng nabuong kagamitang pampagtuturo ay binuo ng mananaliksik na ibinatay sa pagdulog na Kontekstuwalisadong Pagtuturo at Pagkatuto na hinalaw sa *Evaluation Rating Sheet for Print Supplementary Materials (SRMs)* ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd). Batay sa resulta, mababa ang antas ng kontekstuwalisasyon ng teksto ng kagamitang pampagtuturong ginamit sa taong panuruan 2017-2018 sa asignaturang pagbasa. Ang mga nabuong kontekstuwalisadong teksto ay tumatalakay sa katutubong pananaw, magagandang tanawin, mga pananaw, patakaran, at kalakaran sa mga pangyayari sa lokalidad ng mga mag-aaral. Samantala, mataas ang antas ng balidasyon ng kontekstuwalisasyon ng nabuong kagamitang pampagtuturo sa pagbasa ayon sa balidasyon ng mga guro sa Filipino. Ipinapakahulugan ng resulta na natugunan ng nabuong kontekstuwalisadong kagamitan ang kahinaan ng kagamitang pampagtuturong ginamit sa pagbasa ng mga mag-aaral sa ikalabing-isang baitang ng isa sa mga paaralan sa sekondarya sa Bauko, Mountain Province.

Keywords: pagsusuri ng teksto, kagamitang pampagtuturo, katutubong kaalaman, antas ng pag-unawa, lokalisasyon

2. Panimula

Napakahalaga sa buhay ng tao ang pagbasa. Sa pagbabasa, napalalawak ng tao ang kaalaman sa iba't ibang larangan. Pinaniniwalaang mahigit walumpo't limang bahagdan ng lahat ng pagkatuto ay sa pamamagitan ng pandama at karamihan ay sa pagbabasa. Ang pagbasa ay mahalagang aralin sa paaralan sapagkat ito ang susi ng tagumpay sa dahilang ang mga mag-aaral ay kailangang magbasa at sa pamamagitan nito, natutuklasan niya ang maraming bagay tungkol sa kaniyang paligid at napahahalagahan ang kaniyang kalinangan. Natutuklasan niya ang lakas at kahinaan ng kaniyang nakaraan kaya siya ay nagaganyak na magsaliksik at magdisenyo ng mga bagong kaalaman na lalong makapagpapaunlad sa mundong ginagalawan.

Ang pagkilala ng guro sa kaniyang mga mag-aaral ay makatutulong sa kaniya sa pagdisenyo ng kagamitang pampagtuturong magagamit sa pagtuturong kultural at lingguwistikal sa pangkat ng magkakaibang mag-aaral. Ang estratehiyang ito ay tinatawag na kontekstuwalisasyon at ito ang tinatawag na edukasyong iniuugnay sa kultura (Ladson-Billings, 1995), iniaangkop sa kultura (Au & Jordan, 1981), kaparehong kultura (Mohatt & Erickson, 1981), sumasang-ayon sa kultura (Cazden & Leggett, 1981), at nagkakasundong kultura (Jordan, 1985; Vogt, Jordan, & Tharp, 1987). Bukod sa mga nabanggit, isinaalang-alang din ng kontekstuwalisasyon ang magkakaibang disenyo ng estratehiya ng pagtuturo upang mapag-ugnay ang pagkatuto ng mga batayang kasanayan sa akademikong nilalaman sa pamamagitan ng pagbibigay-diin sa kongkretong aplikasyon sa tiyak na konteksto ayon sa hilig at pangangailangan ng mga mag-aaral (Mazzeo, Rab, & Alssid, 2003). Karagdagan, ang kontekstuwalisasyon ay pagpapakilos sa kaalaman ng mga mag-aaral (Orellana, 2001), pag-uugnay ng kaalaman

ng mga mag-aaral sa kanilang natutuhan sa kanilang tahanan, paaralan, at komunidad sa silid-aralan (Paris, 2012; Paris & Ball, 2009), berbal at konseptuwal na pag-uugnay sa pagkatuto ng bagong impormasyong inilalahad (Lee, 1995), at akto ng paggawa ng kaugnayan at kahulugan kung iniuugnay ang pang-araw-araw na karanasan ng mga mag-aaral sa kaalamang akademiko (Tharp & Gallimore, 1988).

Ang kontekstuwalisasyon ay may dalawang antas, ang lokalisasyon at pagsasakatutubo. Ayon kay Taylor (2005), ang lokalisasyon ay kalayaan ng paaralan o mga awtoridad sa komunidad na iakma ang kurikulum sa mga kalagayang lokal sa nilalaman ng kurikulum at sa mga proseso ng pagtuturo-pagkatuto sa lokal na kapaligiran. Ito ay tumutukoy sa proseso ng pag-uugnay sa nilalaman ng pagkatuto sa aralin na tinukoy sa kurikulum sa lokal na impormasyon at mga kagamitan sa komunidad ng mga mag-aaral. Ginagamit dito ang mga kagamitang lokal sa paggawa ng mga kagamitang pampagtuturo, lokal na salaysay, at isinasalin ang babasahin na naisulat sa ibang wika sa wika ng mga mag-aaral na magagamit sa silid-aralan ng *Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE)*.

Samantala, ang pagsasakatutubo ay tumutukoy sa proseso ng paglinang ng mga kasanayan ng kurikulum at mga proseso ng pagtuturo-pagkatuto na may kaugnayan sa bayograpikal, pangkasaysayan, at kontekstong sosyo-kultural ng komunidad ng mag-aaral (DepEd Regional Program Framework for Curriculum Localization). Ang pagsasaalang-alang sa karanasan at interes ng mga mag-aaral sa paghahanda at pagdidisenyo ng mga kagamitang pampagtuturo ay magiging kawili-wili at mabunga ang pag-aaral. Samakatuwid, ang pag-aaral na ito ay naglalayong bumuo ng karagdagang kontekstuwalisadong kagamitan sa pagbasa sa asignaturang Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Uri ng Teksto Tungo sa Pananaliksik na magagamit ng mga mag-aaral sa ikalabing-isang baitang sa paaralang sekondarya sa Bauko sa Mountain Province. Ang produksiyon at pagbubuo ng mga lokal na kagamitan ay alinsunod pa rin sa D. O. No. 43, s. 2013. Rule II Curriculum Section 10, 10.3 ng (IRR).

Para mapunan ang kasalatan ng kagamitang pampagtuturong magagamit sa wika na nakaangkla sa kultura ng mga mag-aaral, sinagot sa pag-aaral na ito ang sumusunod na tanong:

- Ano ang antas ng kontekstuwalisasyon ng teksto ng mga kagamitang pampagtuturong ginamit sa pagbasa ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa ikalabing-isang baitang sa isa sa mga paaralang sekondarya sa Bauko, Mountain Province sa taong panuruan 2017-2018 sa pananaw ng mga mag-aaral at guro?
- Ano ang maaaring mabubuong kontekstuwalisadong kagamitan sa pagbasa upang mapaunlad ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa ikalabing-isang baitang sa isa sa mga paaralang sekondarya sa Bauko, Mountain Province?
- Ano ang antas ng balidasyon ng kontekstuwalisasyon ng mga nabuong teksto sa pagbasa sa asignaturang Filipino para sa mga mag-aaral sa ikalabing-isang baitang sa isa sa mga paaralang sekondarya sa Bauko, Mountain Province?

Ayon sa UNESCO (2002), ang kahinaan ng mga batang umunawa ng kanilang binabasa ang isa sa mga sanhi ng paghinto, pag-uulit, mababang grado at hindi kasiya-siyang kasanayan sa wika ng mga mag-aaral. Samakatwid, ang kontekstuwalisadong kagamitan sa pagbasa ay makatutulong sa paglutas sa isyung ito. Sa kontekstuwalisadong pagtuturo ng pagbasa, mapalalalim ang talakayan at magkakaroon ng pagsasalin ng kasanayan. Mahalaga ang pag-aaral na ito sanhi ng pangangailangang iugnay ang mga bagong kalakaran sa bagong repormang pang-edukasyong ipinatutupad ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) sa inaasahang ikatatamo ng matagumpay na pagkatuto. Gayunding mapalalakas nito ang pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa sariling panitikan tungo sa kultural na literasi.

3. Metodo

Disenyo ng Pananaliksik - Ang disenyo ng pananaliksik na ito ay deelopmental at ginamit dito ang pagbubuong modelo nina Borg at Gall (1983). Ang mga hakbang sa prosesong ito ang tinatawag na siklong pananaliksik at pagbubuo na batay sa kinalabasan ng pag-aaral na may kaugnayan sa produktong mabubuo. Ang modelo ng pagbubuo ay ang sumusunod na hakbang: Unang hakbang ay ang pangangalap ng mga impormasyon kasama rito ang pagsusuri ng mga tekstong babasahin. Ang ikalawang hakbang ay ang pagpapalano ng bubuoing kontekstuwalisadong mga teksto. Ang ikatlong hakbang ay ang pagbubuo ng kontekstuwalisadong mga teksto na isinasaalang-alang ang mga layunin at kasanayang dapat matamo sa aralin. Ikaapat na hakbang ay ang rebisyon ng mga nabuong teksto. Ikalimang hakbang ay ang pinal na rebisyon ng mga kontekstuwalisadong teksto, at ang ikaanim na hakbang ay ang balidasyon ng mga nabuong kontekstuwalisadong teksto sa pagbasa.

Mga Tagatugon sa Pananaliksik - Ang mga datos ay nalikom mula sa tatlong pangkat ng mga respondent sa pananaliksik. Ang unang pangkat ay mga mag-aaral na nasa ikalabindalawang baitang sa isa sa mga paaralang sekondarya sa Bauko, Mountain Province na nakatala sa unang semestre ng taong panuruan 2018-2019. Sila ang mga tagatugon dahil natapos nila ang asignaturang Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Uri ng Teksto Tungo sa Pananaliksik noong sila ay nasa ikalawang semestre ng taong panuruan 2017-2018.

Ang pangkat ng mga mag-aaral ay binubuo ng apat na seksyon. Dalawang seksyon ang mga mag-aaral na nakatala sa Science, Technology, Engineering and Mathematics (STEM): STEM 1 at STEM 2. Ang STEM 1 ay binubuo ng apatnapu't apat (44) na mag-aaral, at ang STEM 2 ay tatlumpu't siyam (39). Isang seksyon ang Accountancy and Business Management (ABM) na binubuo ng dalawampu't walong (28) mag-aaral, at isang seksyon ng mga mag-aaral na nakatala sa Technological-Vocational Livelihood (TVL) na binubuo ng dalawampu't walong (28) mag-aaral. Ang kabuuang bilang ng mga mag-aaral na respondent ay isandaan at tatlumpu't siyam (139). Ang pangalawang pangkat ng mga respondent ay dalawang (2) guro na nagturo ng asignaturang Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik sa ikalabing-isang baitang sa isa sa mga paaralang sekondarya sa Bauko, Mountain Province noong ikalawang semestre ng panuruang taon 2017-2018. Ang pangatlong pangkat ng mga respondent ay tatlong (3) tagatasa na mga guro, dalawa (2) sa Wangal National High School at, isa (1) sa Benguet State University. Ang mga gurong tagatasa ay nagtuturo ng pagbasa, at may malawak na kaalaman sa kultura ng Bauko.

Instrumento sa Pangangalap ng Datos - Gumamit ang mananaliksik ng tatlong uri ng talatanungan: una, para sa mga mag-aaral, pangalawa, para sa mga guro, at pangatlo, para sa mga tagatasa. Ang mga talatanungan ay binuo ng mananaliksik at ang mga tanong ay hinalaw sa *Evaluation Rating Sheet for Print Supplementary Materials (SRMs)*, Balangkas ng Rehiyonal na Programa para sa Kontekstuwalisasyon ng Kurikulum ng DepEd, at ang ilang katanungan ay binuo ng mananaliksik batay sa katangian ng kontekstuwalisadong teksto. Magkatulad ang nilalaman ng talatanungan para sa mga mag-aaral at mga gurong respondent. Ang nilalaman ay tumatalakay sa katutubong kaalaman, mga pangyayari sa lokalidad, at kaangkupan at kasapatan ng mga pagsasanay o gawain pagkatapos ng pagbasa. Nadagdagan lamang ng paksang tumatalakay sa kayarian ng pangungusap at gamit ng *transitional devices* at ang mga talatanungan ay binubuo ng tig-dadalawampung aytem.

Ang mga talatanungan para sa mga mag-aaral at mga guro ay mamarkahan ng tsek sa tapat ng eskala upang tukuyin ang antas ng kontekstuwalisasyon ng kagamitang ginamit sa pagbasa. Gayundin sa mga tagatasa, nilagyan ng tsek sa tapat ng antas ng balidasyon ng nabuong teksto. Mayroon ding inilaang espasyo para sa kanilang mungkahi. Ang kanilang mungkahi ang naging gabay sa pinal na rebisyon ng nabuong kagamitan sa pagbasa. Ang sinuring batayang aklat ng mananaliksik ay Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Uri ng Teksto Tungo sa Pananaliksik (Isang Batayang Aklat Para sa Grade 11) sapagkat ito ang batayang aklat na kanilang ginamit. Ang unang kabanata ay tungkol sa batayang kaalaman sa pagbasa at ang mga aralin ay ang sumusunod: kahulugan, kahalagahan, layunin, teorya, dimensyon, uri ng pagbasa, kaugnayan ng pagbasa at pagsulat, kasanayan sa akademikong pagbasa, at pagpapakahulugan sa mga ilustrasyon o grapiko. Ang nilalaman ng ikalawang kabanata ay tungkol sa pagsusuri ng iba't ibang uri ng teksto tulad ng tekstong nagpapatid,

nagsasalaysay, naglalarawan, nangangatwiran, naglalahad ng pagkasunod-sunod, at nanghihikayat. Ang ikatlong kabanata ay tungkol sa pananaliksik at ang mga paksang pag-aaralan ay ang kahulugan, kahalagahan, layunin, katangian, uri, at bahagi ng pananaliksik.

Pamamaraan sa Pangangalap ng Datos - Isa-isang isinagawa ang mga sumusunod na proseso sa pangangalap ng mga datos:

Hakbang 1, ang nabuong mga talatanungan ay pinatasa sa tatlong guro sa Filipino mula sa iba't ibang paaralan na nagturo ng asignaturang Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Uri ng Teksto Tungo sa Pananaliksik. Ang una ay nagtuturo sa Cordillera Regional Science High School sa Wangal, La Trinidad, Benguet, ang ikalawa ay nagtuturo sa Saint Louis University-Senior High sa Baguio City, at ang pangatlo ay nagtuturo sa Tublay School of Home Industries sa Acop, Tublay, Benguet. Lumabas sa pagsusuri na ang *validity coefficient* ng talatanungan para sa mga mag-aaral ay 0.83, sa guro ay 0.76, at sa tagatasa ay 0.86. Ang mga *coefficient* ay mataas sa 0.70, samakatwid, ang mga talatanungan ay balido. Ginamit ang *Aiken Validity Coefficient* para malaman ang *validity* ng talatanungan. Lumabas sa resulta ng pagsusuri na valid ang mga nabuong talatanungan kaya ito ang naging batayan para idaan sa *reliability test*.

Hakbang 2, isang opisyal na liham na nilagdaan at pinagtibay ng Tagapag-ugnay at Dekana ng Gradwadong Programa ng Paaralan ng Edukasyong Pangguro at Malalayang Sining ng Pamantasang San Luis ay ibinigay sa Punong Guro ng Tadian School of Arts and Trades sa Tadian, Mountain Province para doon isagawa ang *reliability test* ng talatanungan. Ginamit ang *Cronbach's Alpha Coefficient* sa pagsusuri sa *reliability* ng talatanungan.

Ang lumabas na *reliability coefficient* para sa mag-aaral ay 0.926, mas mataas kaysa 0.70 kaya ang talatanungan ay reliable. Iisa ang gurong nagturo ng asignaturang Pagbasa at Pagsusuri sa Iba't Ibang Uri ng Teksto Tungo sa Pananaliksik sa paaralan kung saan isinagawa ang *reliability test* ng talatanungan. Dahil magkatulad ang nilalaman ng talatanungan para sa mag-aaral at guro, at iisa ang gurong nagturo ng asignaturang pagbasa, ang *reliability* ng talatanungan para sa guro ay tulad din ng *reliability coefficient* para sa mga mag-aaral kaya ito ay *reliable*.

Hakbang 3, lumabas sa resulta na mapanghahawakan ang talatanungan kaya ito ang naging batayan upang muling ipamahagi ang liham sa paghingi ng pahintulot sa punong guro ng isa sa mga paaralang sekondarya sa Bauko, Mountain Province upang maisagawa ang paglikom ng mga datos para sa pagtaya sa antas ng kontekstuwalisasyon ng teksto.

Hakbang 4, ang mananaliksik mismo ang nagpamahagi ng mga talatanungan sa mga tagatugon. Nilagyan ng mga tagatugon ng tsek gamit ang apat na eskala upang matukoy ang antas ng kontekstuwalisasyon ng teksto ng dalawampung aytem.

Hakbang 5, sinuri ang sagot ng mga tagatugon na mga mag-aaral at guro at kinuha ang *mean* ng bawat aytem sa talatanungan upang tukuyin ang antas ng kontekstuwalisasyon ng tekstong ginamit sa asignaturang pagbasa sa pananaw ng mga mag-aaral at guro.

Hakbang 6, nagsaliksik at nagsagawa ng pakikipanayam ang mananaliksik sa mga matatandang may malawak na kaalaman sa kultura ng Bauko bilang hanguan ng mga impormasyon para sa isinulat na kontekstuwalisadong teksto. Ang Bauko ang pinakamalaking munisipyo sa lalawigan ng Mt. Province, at may mayaman sa sining, panitikan, at sayaw. Ang pagdiriwang ng Begnas Festival taon-taon ay isang patunay ng pagbibigay-halaga sa kulturang pamana ng kanilang ninuno. Ang mga impormasyong nakalap sa walong katutubong matatandang tagatugon na taga-Bauko, at isang taga-Tadian ay isinulat sa wikang Kankanaey pagkatapos ay isinalin sa wikang Filipino. Lima ang lalaki at apat ang babae na ang edad ay nasa animnapu't anim hanggang pitumpu't siyam. Ang walo ay hindi nakapagtapos sa elementarya, sila ay mga magsasaka, at isa lamang ang gurong nagretiro sa pagtuturo. Ang napiling mga tagatugon ay katutubo sa lugar kaya sila ay batis ng

impormasyon tungkol sa kultura ng Bauko.

Hakbang 7, pagkatapos na naisulat ng mananaliksik ang mga kaalamang bayan na nakalap sa mga matatandang tagatugon ay isinalin ang mga teksto sa wikang Filipino, at ang naisaling kontekstuwalisadong mga teksto ay ipinabalideyt sa mga pinaghanguang mga tagatugon.

Hakbang 8, ginamit ng mananaliksik ang kontekstuwalisadong mga teksto sa pagbuo ng kagamitang pampagkatuto sa pagbasa, at ang panghuling hakbang, ang nabuong kagamitan ay dumaan sa balidasyon ng mga gurong hindi lamang dalubhasa sa wikang Filipino, kundi gayunding may kaalaman sa kultura ng Bauko, Mt. Province.

Upang masagot ang unang tanong, sinuri ang mga datos mula sa talatanungan upang tukuyin ang antas ng kontekstuwalisasyon ng teksto ng kagamitang ginagamit sa pagbasa ng mga mag-aaral sa ikalabing-isang baitang sa isa sa mga paaralan ng sekondarya sa Bauko, Mountain Province sa taong panuruan 2017-2018. Kinuha ang *mean* ng iskor ng dalawampung aytem mula sa talatanungan para matukoy ang antas ng kontekstuwalisasyon ng teksto sa pananaw ng mga mag-aaral at mga guro. Makikita sa ibaba ang apat na eskala na ginamit sa pagtukoy sa antas ng kontekstuwalisasyon ng teksto sa pagbasa.

Eskala	Deskripsyon	Interpretasyon
4	Napakataas	Napakataas ang kontekstuwalisasyon ng teksto (Lubos na lubos na tumutugon sa katangian ng kontekstuwalisasyon ng teksto)
3	Mataas	Mataas ang kontekstuwalisasyon ng teksto (Lubos na tumutugon sa katangian ng kontekstuwalisasyon ng teksto)
2	Mababa	Mababa ang kontekstuwalisasyon ng teksto (Bihirang tumutugon sa katangian ng kontekstuwalisasyon ng teksto)
1	Napakababa	Napakababa ang kontekstuwalisasyon ng teksto (Hindi tumutugon sa kontekstuwalisasyon ng teksto)

Ang eskala sa ibaba ang ginamit ng mga tagatasa upang matukoy ang antas ng balidasyon ng kontekstuwalisasyon ng nabuong teksto.

Eskala	Saklaw	Deskripsyon	Interpretasyon
4	3.76 - 4.00	Napakataas	Napakataas ang balidasyon ng kontekstuwalisasyon ng teksto
3	2.51 - 3.75	Mataas	Mataas ang balidasyon ng kontekstuwalisasyon ng teksto
2	1.76 - 2.50	Mababa	Mababa ang balidasyon ng kontekstuwalisasyon ng teksto
1	1.00 - 1.75	Napakababa	Napakababa ang balidasyon ng kontekstuwalisasyon ng teksto

4. Pagtalakay sa mga Resulta

4.1 Antas ng Kontekstuwalisasyon ng Teksto sa Pananaw ng mga Mag-aaral

Makikita sa Talahanayan 1 ang antas ng kontekstuwalisasyon ng teksto sa asignaturang Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Uri ng Teksto Tungo sa Pananaliksik sa pananaw ng mga mag-aaral sa ikalabindalawang baitang sa isa sa mga paaralang sekondarya sa Bauko, Mountain Province. Ang kabuuang *weighted mean* ay 2.30 at may deskripsyong mababa ang antas ng kontekstuwalisasyon ng teksto sa pananaw ng mga mag-aaral. Ang resultang ito ay implikasyon na ang ginamit na batayang aklat ay hindi nauugnay sa lokal na kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral. Ayon kay Weber (2008), sa pagbanggit ni Sharma (2014), ang konseptuwal at mga kagamitang analitiko ay dapat na kumikilala sa kahalagahan ng lokal na pamayanan ng mga mag-aaral.

Batay sa natuklasang resulta ng pag-aaral, ang pagbuo ng mga pampagtuturong kagamitang lokal ay tunay na kinakailangan tulad ng nakasaad sa Rule II Curriculum Section 10.2b at ang produksyon at pagbuo ng mga kagamitang pampagtuturo batay sa lokalidad ng mga mag-aaral ay nakasaad pa sa Rule II Curriculum Section 10.3 ng Implementing Rules and Regulations (IRR) of the Enhanced Basic Education Act 2013.

Talahanayan 1

Antas ng Kontekstuwalisasyon ng Teksto sa asignaturang Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Uri ng Teksto Tungo sa Pananaliksik sa Pananaw ng mga Mag-aaral sa Ikalabing-isang Baitang sa isa sa mga Paaralang Sekondarya sa Bauko, Mt. Province

	Kontekstuwalisadong Teksto	Mean	Ranggo	Deskripsyon
1	Natatalakay ang katutubong katawagan sa kultura na aking kinabibilangan sa tekstong aking nabasa	2.41	5	Mababa
2	Nakatutukoy ng mga pananaw, patakaran, at kalakaran sa mga pangyayari sa aking komunidad	1.73	20	Mababa
3	Nakababatid ng saligan ng katutubong kaalaman	2.27	15	Mababa
4	Nakababatid ng tiyak na kaalaman sa mga pangyayari sa aking komunidad	2.30	11	Mababa
5	Naipaliliwanag ang kahulugan ng mga pangyayari pinahahalagahan sa aking lokalidad	2.28	14	Mababa
6	Nakababatid ng mga magagandang tanawin na matatagpuan sa aking lokalidad sa tekstong nabasa	2.06	19	Mababa
7	Nakapaglalalahad ng pagkakaugnay ng sanhi at bunga mula sa mga sosyo-kultural na pangyayari sa aking lokalidad	2.21	16	Mababa
8	Nakapagmamamatwid ako hinggil sa katutubong pananaw	2.07	18	Mababa
9	Nakababatid ng kaalaman sa kulturang kinagisnan sa pamamagitan ng tekstong nabasa	2.34	7.5	Mababa
10	Nakapagbubukod ng katotohanan sa opinyon hinggil sa katutubong karunungan	2.29	12.5	Mababa
11	Angkop ang antas ng babasahin sa akin dahil hindi mahirap unawain ang mga salitang ginamit	2.35	6	Mababa
12	Nakabubuo ng paglalahat sa tulong ng tekstong nabasa hinggil sa aking kapaligiran	2.31	10	Mababa
13	Nakasusunod ng alituntunin at regulasyon na aking nabasa sapagkat ito ay alituntunin at regulasyon sa aking komunidad	2.15	17	Mababa
14	Malinaw na nailahad ang kaligiran ng paksa ng tekstong aking nabasa	2.32	9	Mababa
15	Nadaragdagan ang aking bokabularyo sa mga salitang bernakular na ginamit sa teksto	2.34	7.5	Mababa
16	Lalong napauunlad ang aking kasanayan sa pagbasa hindi lamang sa loob ng klase sapagkat nakauugnay ako sa paksa ng teksto	2.43	4	Mababa
17	Aktibo akong nakikisali sa talakayan sa klase sapagkat naka-uugnay ako sa paksa ng nabasang akda	2.29	12.5	Mababa
18	Ang mga karagdagang gawain o pagsasanay ay lumilintang sa aking pagkatuto	2.72	1	Mataas
19	Ang teksto ay nakalilintang ng aking kognitibong kasanayan tulad ng kritikal na pag-iisip, pagkamalikhain, at pagkatuto sa pamamagitan ng paggawa	2.50	3	Mataas
20	Angkop at sapat ang mga itinakdang mga pagsasanay at gawain upang makalinang sa aking kakayahan na mangatwiran, magpakahulugan, at malayang magpahayag ng aking sariling kaisipan at nararamdaman	2.61	2	Mataas
	Kabuuang Weighted Mean	2.30		Mababa

4.2 Antas ng Kontekstuwalisasyon ng Teksto sa Pananaw ng mga Guro

Ang Talahanayan 2 ay nagpapakita ng antas ng kontekstuwalisasyon ng teksto sa asignaturang pagbasa sa pananaw ng mga guro na nagturo ng asignaturang ito sa isa sa mga paaralang sekondarya sa Bauko, Mountain Province. Sa ginawang pagsusuri, ang kabuuang *weighted mean* ay 1.80 at may deskripsyon na mababa. Ang mababang antas ng kontekstuwalisasyon ng teksto sa pananaw ng mga guro sa mga tekstong ginamit sa asignaturang pagbasa ay indikasyon na nakatuon lamang sila sa batayang aklat bilang kagamitan sa pagtuturo sa asignaturang Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang uri ng Teksto Tungo sa Pananaliksik. Ang mababang resulta ng

antas ng kontekstuwalisasyon ng teksto ay nagpapahiwatig ng pangangailangang sa pagbuo ng kontekstuwalisadong kagamitan na magagamit sa asignaturang pagbasa.

Talahanayan 2

Antas ng Kontekstuwalisasyon ng Teksto sa asignaturang Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Uri ng Teksto Tungo sa Pananaliksik sa Pananaw ng mga Guro sa isa mga Paaralang Sekondarya sa Bauko, Mountain Province

	Kontekstuwalisadong Teksto	Mean	Ranggo	Deskripsyon
1	Natatalakay ng aking mga mag-aaral ang katutubong katawagan sa kulturang kinabibilangan sa tekstong nabasa	3.00	1	Mataas
2	Nakatutukoy ng mga pananaw, patakaran, at kalakaran ang aking mga mag-aaral sa mga pangyayari sa kanilang komunidad	1.50	15	Mababa
3	Nakababatid ang aking mga mag-aaral ng saligan ng katutubong kaalaman	2.00	6.5	Mataas
4	Nakababatid ang aking mga mag-aaral ng tiyak na kaalaman sa mga pangyayari sa kanilang komunidad	1.50	15	Mababa
5	Naipaliliwanag ng aking mga mag-aaral ang kahulugan ng mga pangyayari na pinahahalagahan sa kanilang lokalidad	1.50	15	Mababa
6	Nakababatid ang aking mga mag-aaral ng mga magagandang tanawin na matatagpuan sa kanilang lokalidad sa tekstong nabasa	1.50	15	Mababa
7	Nakapaglalahad ang aking mga mag-aaral ng pagkakaugnay ng sanhi at bunga mula sa mga sosyo-kultural na pangyayari sa kanilang lokalidad	1.50	15	Mababa
8	Nakapagmamamit ang aking mga mag-aaral hinggil sa katutubong pananaw	1.50	15	Mababa
9	Nakababatid ang aking mga mag-aaral ng kaalaman sa kulturang kinagisnan sa pamamagitan ng tekstong nabasa	1.50	15	Mababa
10	Nakapagbubukod ang aking mga mag-aaral ng katotohanan sa opinyon hinggil sa katutubong karunungan	1.50	15	Mababa
11	Angkop ang antas ng babasahin sa aking mga mag-aaral dahil hindi mahirap unawain ang mga salitang ginamit	1.50	15	Mababa
12	Nakabubuo ang aking mga mag-aaral ng paglalahat sa tulong ng tekstong nabasa hinggil sa kanilang kapaligiran	2.50	2.5	Mataas
13	Nakasusunod ang aking mga mag-aaral ng alituntunin at regulasyon na kanilang nabasa sapagkat ito ay alituntunin at regulasyon sa kanilang komunidad	2.00	6.5	Mataas
14	Malinaw na nailahad ang kaligiran ng paksa ng teksto na nabasa ng aking mga mag-aaral	1.50	15	Mababa
15	Nadaragdagan ang bokabularyo ng aking mga mag-aaral sa mga salitang bernakular na ginamit sa teksto	2.00	6.5	Mataas
16	Lalong napauunlad ang kasanayan ng aking mga mag-aaral sa pagbasa hindi lamang sa loob ng klase sapagkat naka-uugnay sa paksa ng teksto	1.50	15	Mababa
17	Aktibo na nakikisali sa talakayan sa klase ang aking mga mag-aaral sapagkat nakauugnay sa paksa ng nabasang akda	2.50	2.5	Mataas
18	Ang mga karagdagang gawain o pagsasanay ay lumilina sa pagkatuto ng aking mga mag-aaral	2.00	6.5	Mataas
19	Ang teksto ay nakalalinang ng kognitibong kasanayan ng aking mga mag-aaral tulad ng kritikal na pag-iisip, pagkamalikhain, at pagkatuto sa pamamagitan ng paggawa	2.00	6.5	Mataas
20	Angkop at sapat ang mga itinakdang mga pagsasanay at gawain upang makalinang sa kakayahan na mangatwiran, magpakahulugan, at malayang magpahayag ng sariling kaisipan at nararamdaman ang aking mga mag-aaral	2.00	6.5	Mataas
	Kabuuang Weighted Mean	1.80		Mababa

4.3 Mga Nabuong Kontekstuwalisadong Teksto sa Pagbasa

Ang mababang antas ng kontekstuwalisasyon ng teksto na natuklasan ng mananaliksik sa kagamitan sa pagbasa na ginamit sa asignaturang Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang uri ng Teksto Tungo sa Pananaliksik ay sanhi ng nakitang kakulangan ng mga aralin at mga gawaing nakabatay sa lokalidad at kalinangan ng mga mag-aaral na sinang-ayunan ng mga guro na nagtuturo ng nasabing asignatura. Upang matugunan ang kakulangang nabanggit, sinikap ng mananaliksik na magdisenyo at bumuo ng mga kontekstuwalisadong aralin na tutugon sa pangangailangang pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang pagbasa ng isa sa mga paaralang sekondaraya ng Senior High School sa Bauko, Mountain Province. Ito rin ay bilang suporta sa programa ng katutubong edukasyon ng mga katutubong mag-aaral o ang tinatawag na Indigenous Peoples Education (IPED) ng Kagawaran ng Edukasyon na sumusuporta rin sa pagbuo ng mga kagamitang pampagtuturo ayon sa kulturang kinabibilangan ng mga mag-aaral na hindi lilihis sa pambansang kasanayan sa pagkatuto.

Sa binuong mga teksto, ang ilan ay hinalaw at isinalin sa wikang Filipino ng mananaliksik. Ang mga tekstong hinalaw at isinalin ay tumatalakay sa katutubong kaalaman tulad ng tagpuan, karanasan, wika, sayaw, awit, musika, kapaligiran, pangyayari, kaugalian, paniniwala, at pagpapahalaga sa komunidad ng mga mag-aaral. Ginamit na gabay ng mananaliksik sa pagbuo ng mga pagsasanay o gawain na sasagutin ng mga mag-aaral ang gabay sa kurikulum ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) upang ang pamantayang pangnilalaman at pamantayan sa pagganap, gayundin ang mga kasanayang pampagkatuto na dapat matamo ng mga mag-aaral ay matatamo pagkatapos ng pagtalakay sa una at ikalawang kabanata.

4.4 Antas ng Balidasyon ng Kontekstuwalisasyon ng Nabuong mga Teksto

Makikita sa Talahanayan 3 ang antas ng balidasyon ng kontekstuwalisasyon ng nabuong teksto sa pagbasa sa balidasyon ng mga guro sa Filipino.

Talahanayan 3

Antas ng Balidasyon ng Kontekstuwalisasyon ng Nabuong Teksto sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Uri ng Teksto Tungo sa Pananaliksik sa Balidasyon ng mga Guro sa Filipino

	Kontekstuwalisadong Teksto	Mean	Ranggo	Deskripsyon
1	Ang teksto ay malaya sa ideyolohikal at kultural na pagkiling	3.7	11.5	Mataas
2	Malinaw na nailarawan sa teksto ang kasaysayan at kalinangan ng komunidad ng mga mag-aaral	3.7	11.5	Mataas
3	Inilalantad sa mga mag-aaral ang awtentikong gamit ng wika	4	4	Napakataas
4	Ang teksto ay nakatutulong sa kamalayan ng mga mag-aaral tungkol sa mga kaganapan sa lipunang kanilang ginagalawan	4	4	Napakataas
5	Ang paksa ay may kaugnayan sa mga pangyayari sa komunidad ng mga mag-aaral	3.7	11.5	Mataas
6	Malinaw na nailahad ang paksang pag-aaralan na may kaugnayan sa katutubong karunungan ng mga mag-aaral	4	4	Napakataas
7	Angkop ang mga itinakdang pagsasanay at gawain sa kakayahan ng mga mag-aaral	3.3	17.5	Mataas
8	Ang teksto ay hindi lamang nakatuon sa paglinang sa kasanayan sa pagbasa kundi pati na rin ang kasanayan sa pagsasalita at pakikinig	3.3	17.5	Mataas
9	Angkop ang antas ng babasahin o teksto sa mga mag-aaral	3.7	11.5	Mataas
10	Malinaw na nailahad ang mga sosyo-kultural na pangyayari sa lokalidad ng mga mag-aaral	3.7	11.5	Mataas
11	Natukoy ang mga pananaw, patakaran, at kalakaran sa mga pangyayari sa komunidad ng mga mag-aaral	4	4	Napakataas
12	Nalilintang ang bokabularyo ng mga mag-aaral sa mga salitang bernakular na ginagamit sa kanilang lokalidad	4	4	Napakataas
13	Maliwanag na nailahad sa teksto ang kapaligiran ng mga mag-aaral	3.7	11.5	Mataas
14	Malinaw ang pagkakalahad ng mga mahahalagang pangyayari sa komunidad ng mga mag-aaral	3.7	11.5	Mataas

Mede, J.

15	Nailalahad sa mga mag-aaral ang pagkakaugnay ng sanhi at bunga mula sa mga sosyo-kultural na pangyayari	3.3	17.5	Mataas
16	Nailalangkap sa mga gawain ang mga positibong pagpapahalagang panlipunan ng mga mag-aaral	4	4	Napakataas
17	Malinaw ang mga patnubay o panuto upang maisagawa ng mga mag-aaral ang mga itinakdang gawain	4	4	Napakataas
18	Sapat ang mga gawaing naibigay upang makalinang sa kakayahan ng mga mag-aaral na mangatwiran, magpakahulugan, maging malikhain, at mag-isip nang kritikal	3.3	17.5	Mataas
19	Mahusay ang gamit ng <i>transitional devices</i> upang ipahiwatig ang pagbabago ng paksa	3	20	Mataas
20	Ang kayarian ng mga pangungusap at talata ay angkop sa mga mag-aaral	3.7	11.5	Mataas
Kabuuang Mean		3.68		Mataas

Ang kabuuang *mean* ng antas ng balidasyon ng kontekstuwalisadong teksto ay 3.68 na may deskripsyon na mataas. Nangangahulugan itong taglay ng nabuong kagamitan sa pagbasa ang katangian ng kontekstuwalisadong teksto at pagiging awtentiko sapagkat ang nilalaman ay totoong impormasyon mula sa konteksto ng mga mag-aaral. Dahil sa pagiging awtentiko nito, inaasahang may positibong epekto sa motibasyon ng mga mag-aaral; nagbibigay ng kaalamang kultural; inilalantad ang totoong (real) wika; at nakatutulong sa mas malikhaing pagdulog sa pagtuturo (Berardo, 2006) sa pagbanggit nina Baghban at Ambigapathy (2011).

Ang kontekstuwalisadong pagtuturo ay nakapagpapalaganap ng lokal na panitikan sa pagtuturo sa silid-aralan. Ang karamihang kagamitang ginagamit ay naglalarawan ng matagumpay na gawi sa silid-aralan (Ladson-Billings, 1992; Sleeter & Cornbleth, 2011) o nagpapaliwanag at naglalarawan sa kultura (Villegas & Lucas, 2002). Ang totoong kailangan ay mga praktikal na kagamitan o lunsaran na makapag-aambag sa pagkakaunawaan. Kung may mga kagamitang magagamit ang mga guro, magagamit nila ang teorya sa paggamit ng kultura bilang lunsarang katumbas ng kaugalian (Gay, 1995; Gay & Howard, 2000) sa pagbanggit ni Wyatt (2014).

5. Kongklusyon

Ang mga tekstong nauunawaan ng mga mag-aaral ay nakagaganyak sa kanilang pagbabasa. Ang kontekstuwalisadong kagamitan sa pagbasa ay nakatutulong sa pagpapalalim ng pag-unawa sa aralin, gayundin na nakalilalang ng kasanayan sa pagbasa, at nakadaragdang ng motibasyon sa pagkatuto ng mga mag-aaral habang nakauugnay sa kanilang kultura. Samakatuwid, ang kontekstuwalisadong kagamitang pampagtuturo ay epektibong kagamitan sa pagtuturo ng wika. Sa guro, napadadali ang pagtuturo at nagiging kaaya-aya ang pagkaklase sapagkat napakalaking salik ang pagganyak ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng anumang aralin. Ang paggamit ng kontekstuwalisadong kagamitan ay nakatutulong sa ikatatamo ng matagumpay na kontekstuwalisadong kurikulum.

Pagkatapos ng balidasyon sa nabuong kagamitan, ang mga mungkahi ng mga tagatasa ang naging gabay sa rebisyon ng nabuong kagamitang pampagtuturo. Ang kagamitan ay inaasahang may ambag sa makabuluhang pagkatuto sa silid-aralan ng pagbasa sapagkat ito ay nabuo ayon sa nilalaman ng kurso at pangangailangan ng mga mag-aaral. Panghuli, ang nabuong kagamitan ay maaaring gamitin bilang karagdang kagamitang pampagtuturo sa pagbasa para sa ikalabing-isang baitang sa sekondarya.

5.1 Rekomendasyon

Batay sa resulta ng pag-aaral at nagawang kongklusyon, ang mga sumusunod ay iminumungkahi: kailangang linangin ang komprehensyon ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng paglalantad sa kanila ng kontekstuwalisadong teksto; gumamit ang guro ng mga kontekstuwalisadong teksto sa kanilang pagtuturo upang lalong makatulong sa paghubog ng sariling pagkakakilanlan ng mga mag-aaral at magpapalalim ng kanilang kaalaman sa kulturang kinagisnan, gayundin ang pagbuo ng guro ng kontekstuwalisadong teksto batay sa track

na kinabibilangan ng mga mag-aaral upang lalong malinang ang kaalaman ng mga mag-aaral sa kursong pinag-aaralan; at isaalang-alang ang pagpili at pagbubuo ng kagamitan sa pagbasa ayon sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Sa mga guro na gustong gumamit sa kagamitan, iminumungkahing suriin muna, at kung kinakailangan ay rebisahin para iakma sa konteksto ng mga mag-aaral.

6. Talasanggunian

- Au, K., & Jordan, C. (1981). Teaching reading to Hawaiian children: Finding a culturally appropriate solution. In H. Trueba, G. P. Guthrie, & K. H. Au (Eds.), *Culture in the bilingual classroom: Studies in classroom ethnography* (pp. 140-162). Rowley, MA: Newbury House.
- Baghban, Z. Z. V., & Ambigapathy, P. (2011). A review on the effectiveness of using authentic materials in ESP courses. *English for Specific Purposes World*, 10(31), 1-14.
- Berardo, S. A. (2006). The use of authentic materials in the teaching of reading. *The Reading Matrix*, 6(2).
- Borg, W.R. & Gall, M.D. (1983). *Educational research: an introduction* (4th ed.). New York: Longman Inc.
- Cazden, C. B., & Leggett, E. L. (1981). Culturally responsive education: Recommendations for achieving LAU remedies II. In H. Trueba, G. Guthrie, & K. Au (Eds.), *Culture and the bilingual classroom: Studies in classroom ethnography*. (pp. 69-86). Rowley, MA: Newbury House.
- Gay, G. (1995). Bridging multicultural theory and practice. *Multicultural Education*, 3(1), 4-9.
- Gay, G., & Howard, T. C. (2000). Multicultural teacher education for the 21st century. *The Teacher Educator*, 36(1), 1-16.
- Jordan, C. (1985). Translating culture: From ethnographic information to educational program. *Anthropology and Education Quarterly*, 16(2), 105-123.
- Ladson-Billings, G. (1992). Culturally relevant teaching: The key to making multicultural education work. In C.A. Grant (Ed.), *Research and multicultural education: From margins to the mainstream* (pp. 107-121). Washington DC: Falmer Press.
- Ladson-Billings, G. (1995). Toward a theory of culturally relevant pedagogy. *American Educational Research Journal*, 32(3), 465-491.
- Lee, C. D. (1995). A culturally based cognitive apprenticeship: Teaching African American high school student's skills in literacy interpretation. *Reading Research Quarterly*, 30, 608-630.
- Mazzeo, C., Rab, S. Y., & Alssid, J. L. (2003). Building bridges to college and careers: Contextualized basic skills programs at community colleges. Brooklyn, NY: Workforce Strategy Center.
- Mohatt, G., & Erickson, F. (1981). Cultural differences in teaching styles in an Odawa school: A sociolinguistic approach. In H. Trueba, G. Guthrie, & K. Au (Eds.), *Culture and the bilingual classroom: Studies in classroom ethnography* (105-119) Rowley, MA: Newbury House.
- Orellana, M. F. (2001). The work kids do: Mexican and Central American immigrant children's contributions to households and schools in California. *Harvard Educational Review*, 71(3), 366-390.
- Paris, D. (2012). Culturally sustaining pedagogy: A needed change in stance, terminology, and practice. *Educational Researcher*, 41(3), 93-97.
- Paris, D., & Ball, A. (2009). Teacher knowledge in culturally and linguistically complex classrooms: Lessons from the golden age and beyond. In L. M. Morrow, R. Rueda, & D. Lapp (Eds.), *Handbook of research on literacy instruction: Issues of diversity, Policy, and equity* (pp. 379-395). New York, NY: Guilford.
- Sharma, G. R. (2014). Should curriculum be universalized or contextualized? In A seminar paper in Curriculum and Instruction.
- Sleeter, C. E., & Cornbleth, C. (Eds.) (2011). *Teaching with vision: Culturally responsive teaching in standards-based classrooms*. New York, NY: Teachers College Press.
- Tharp, R., & Gallimore, R. (1988). *Rousing minds to life: Teaching, learning and schooling in social context*, Cambridge: Cambridge University Press.
- UNESCO Asia/Pacific. (2002). Building the Capacities of Curriculum Specialists for Educational Reform." (Final Report of the Regional Seminar: Vientiane, Laos 2002). Bangkok: UNESCO.
- Taylor, P. (2005). How can participatory processes of curriculum development impact on the quality of teaching

- and learning in developing countries? *Paper commissioned for the Education for All Global Monitoring Report*.
- Villegas, A. M., & Lucas, T. (2002). Preparing culturally responsive teachers: Rethinking the curriculum. *Journal of teacher Education*, 53(1), 20-32.
- Vogt, L. A., Jordan, C., & Tharp, R. G. (1987). Examining school failure, producing school success: Two cases. *Anthropology and Education Quarterly*, 18(4), 276-286.
- Weber, E. (2008). Globalization, “Glocal” development, and teachers’ work: A research agenda. *Review of Educational Research*, 77(3), 279-309.
- Wyatt, T. R. (2014). Understanding the process of contextualization. *Multicultural Learning and Teaching*, 10(1), 111-132.